ANNEX "G-6"

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, **ROSALINDA N. TAN**, 69 na taong gulang, walang asawa, naninirahan sa 4008 Kalayaan St., Barangay Singkamas, Makati City, matapos na makapanumpa nang naaayon sa batas ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako ay kapatid sa ama ni Zenaida Tan Javier, tinatawag ding Nida, samantalang si Reynaldo Tan Javier, Jr. na anak niya at mas kilala bilang JR, ay pamangkin ko;

2. Si Ate Nida ay dinampot at ikinulong ng mga pulis noong Mayo 25, 2017, samantalang si JR naman ay pinatay ng mga pulis noong araw din na iyon.

3. Noong mga alas dos ng madaling araw ng Mayo 25, 2017, ginising ako ng pamangkin ko na si Jake. Tinanong niya ako, "Mamy, si Kuya JR ba Javier?" Ang sabi ko, "Oo, bakit?" Sagot niya sakin "May mga pulis doon."

4. Tinanong ko ang pamangkin ko kung ano ang nangyari pero hindi rin niya masagot dahil ayaw daw sila papasukin doon ng mga pulis. Kung kaya't nag-aalala akong bumangon mula sa higaan.

5. Kasama ang pamangkin ko, nagdesisyon na kaming puntahan ang bahay ni JR. Ang bahay nila JR ay mga apat na bahay lang ang layo mula sa bahay namin. Pagliko lang ng unang kanto galing sa bahay namin ay bahay na nila JR.

6. Paliko na kami sa kanto nang hinarang kami ng mga pulis. Tinanong ako kung saan ako pupunta at sinabi ko, "Diyan lang sa pamangkin ko, malapit lang."

7. Ang sabi ng pulis sa akin ay, "Huwag na kayong pumunta kasi baka madamay lang kayo diyan." Nakasibilyan lang sila pero ang sabi ng mga taong pinaalis din nila mula sa lugar na iyon, mga pulis daw sila.

8. Umuwi na lang ako. Ngunit hindi na ako makatulog sa kaba kaya hinantay ko na lang yung isa ko pang kapatid na si Niña.

9. Pagdating ng kapatid kong si Niña ng mga alas kuwatro ng madaling araw. Sinabi nya sa akin na patay na si JR tapos si Ate Nida, nakakulong.

10. Kasama ang kapatid kong si Niña, pinuntahan namin sa kulungan 'yung kapatid kong si Nida, at pagkatapos, ang bangkay ni JR na sa morge na namin nakita.

11. Pagdating namin sa Manila Police Station 6 sa Sta. Ana, ayaw kaming papasukin ng mga pulis kasi alas singko pa lang ng madaling araw noon, samantalang alas sais pa raw yung dalaw. Dahil kasama namin si Kagawad noon, pagdaka ay pinatuloy na rin kami;

12. Nang makausap ko ang kapatid kong si Nida at 'yung asawa ni JR na si Elaine, ikinwento nila sa akin ang nangyari.

a. Bigla na lang daw may sumira ng pinto at pumasok sa bahay ni JR. Gawa lang sa maliit kahoy 'yung nakakabit na pinto kaya 'noong pinilit pasukin ng mga lalaki, nasira na 'yung pinto.

b. Magkakasama daw silang tatlo sa loob ng bahay nang pinasok sila doon at pilit pinalabas ng mga lalaki. Ayaw nga bumitaw ni Elaine kay JR kaya sinabunutan siya papalabas.

c. Ayaw rin daw umalis ng kapatid ko at iwan si JR pero kinaladkad daw sya.

13. Habang nasa presinto ako, nagtanong kami kung pwede naming malaman 'yung kaso ng kapatid ko. Pumayag naman ang mga pulis at pinapasok kami sa opisina nila;

14. Noong tinatanong na namin kung ano yung kaso ng kapatid ko, ang sabi nila ay 11, 26.

15. Hindi ko naman alam kung ano 'yung 11, 26. Nang tinanong ko kung ano 'yung 11, 26, pagalit na sinagot ng pulis, "No bail 'yan!"

16. May isang babaeng pulis doon sa opisina na pamadali na sinabi at tila ayaw maistorbo, "E ang daming kaso niyan e. Ang daming ebidensya." Sinabi din niya na umamin pa nga daw ang kapatid ko.

17. Umalma naman ang kapatid kong si Niña. Sinabi niyang hindi naman pusher o user 'yung kapatid kong si Nida.

18. Sinagot siya noong pulis ng "Ganyan naman kayo e, kapag nahuhuli kayo sasabihin ninyong hindi kayo gumamit."

19. Noong mga panahon na iyon, umiyak na ako kasi nalaman ko na walang bail ang kaso ng kapatid ko.

20. Hanggang ngayon, nakakulong pa rin ang kapatid ko at hirap na hirap siya dahil sa kondisyon niya sa kulungan. Dahil sa nangyari at sa patuloy niyang paghihirap sa kulungan, makailang ulit na ding tumaas ang presyon ng dugo niya at naospital.

BILANG PATUNAY, ako ay lumagda sa ibabaw ng aking pangalan ngayon ika- _ _ _ ng ~~Setyembre 2017~~ 4

16 OCT 2017

Rosalinda N Tan
Rosalinda N Tan
Lagda

OSCA 29929

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika 16 OCT 2017 ng . Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

Doc. No. 117
Page No. 24
Book No. II
Series of 2017

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero S
Salcedo Village, Makati City